

# pilantik ng twang

mga tula ng pagngawa at pagtunganga

emmanuel villajuan dumlao

## PAKIUSAP

hindi ako diyos o isang propeta
gaya ng iyong akala; hindi rin henyo
o piniling pinagpala.

katulad lamang ako
ng ordinaryo mong kaaway o kakampi --
kumakalam ang sikmura,
natatakot, napopoot, nagnanasa;

at may batik din sa utak.

itong hinahangaan mong talino?
kung alam mo lamang ang sinulingan
bago ko ito natamo.

nagmula rin ako sa putik,
at tulad mo,
sumasagap ang aking talampakan
                                        at bumbunan
ng init at lamig ng ating daigdig.

dalaga sa aking harap,
nagagalak ako sa pakikinig mong walang kurap
sa lagaslas ng talinghaga mula sa aking bibig;
at salamat sa pagbukas ng iyong puso at isip.

pero itanim sa isip: hindi ako isang propeta o diyos;
at kahit bawat hakbang ko'y pasan na ng tungkod,
rumaragasa pa rin sa aking mga ugat
ang sidhi ng nasang sumisid sa langit.

kaya dalaga sa aking harap,
pakiusap:

                              isinop ang iyong dibdib
                              ipinid ang mga tuhod.

UGAT AT PAKPAK

marami sa inyo ang nakikiraan lamang
o napipilitang makiraan;
marami sa inyo ang kung may pagpipilian,
di na sisilip sa aking silid.

bakit nga ba naman magwawaldas ng oras
sa kursong Filipino,
gayong ito’y walang maihahandog
na masaganang hapag?

para saan,
anong gamit ng pagkapit sa sariling
singkipot ng butil ng alikabok
ang puwang ng pag-unlad?

ngunit ano man ang nagtulak
sa inyo sa aking silid,
pinilit man kayo o nayaya
o nais lamang sumubok,

ihanda na rin ang sarili:
babalik tayo sa panahong kababalaghan pa ang apoy,
sisilip sa mundong simbilis ng liwanag
ang paglalakbay,
at dadamhin ang sidhi ng uha at tuwa
ng lupang nagluwal sa ating lahi.

buksan na rin ang puso
sa himig ng sariling dila,
ng sariling panangis,
ng sariling adhika,
ng sariling panaginip.

buksan na rin ang puso
sa alingasaw ng sariling dumi,
ng sariling hininga,
ng sariling pagkaagnas.

ngunit higit sa lahat:
ihanda ang loob
sa pagtubo at pagtibay
ng sariling ugat, ng sariling pakpak.

KLASRUM

gumagawa tayo ng siga,
ang mga sangang bitbit ng bawat isa
isinasalansan natin at sinisilaban
    upang salagin ang siplag ng lamig.

inuumpisahan ko ang pagkiskis ng palito
sa ilang tuyong dahon at siit,
at mula sa mumunting daliri ng apoy
    sumisiklab ang ating siga.

    sa salansan ng mga sanga,
may saleng  na kaybilis lumiyab;
    may mulawing  lumalagitik
at kaylinis ng lagablab;
    may kamagong na kaytatag ng baga,
patuloy na nag-aalab kahit abo na ang iba.

pero mayroon ding madre cacao
    na balantukan at makurop,
ayaw magningas, kaykapal ng usok.

ano mang sanga ang bitbit ng bawat isa,
    masinop nating isinasalansan;
batid ang  isang bagay na dapat tiyakin:

kailangan ang sapat na puwang
upang makapaglagos ang sariwang hangin.

SINISILIP KO ANG MGA TITIS

walang pasubali,
hindi magkakaila ang kanilang mga mata,
lumatay sa kanilang mga utak
ang aking hagupit.

sa simula ng klase
iwinasiwas ko ang lipunang tatsulok,
ang hulagway ng sanlaksang himutok
ng masang anakpawis,
at ang langit ng uring nasa tuktok.

isang tula ang simula,
isang tula tungkol sa *pagkatuyo ng luha*
ang naghatid sa amin sa iba't ibang daigdig --
bukid at pabrika,
malakanyang at konggreso,
simbahan at paaralan,
radyo at diaryo, telebisyon at internet,
kulungan at korte,
barberya at karinderya,

palengke at mall,
ospital at punerarya,
kuna at kamposanto.

ginalugad namin
ang iba't ibang larangan ng tunggalian,
niyakap ng aming mga talampakan
ang dawag, putik, at alikabok;
pinalis ang agiw at sapot sa aming mga utak,
pinahid ang aming mga luha at muta.

ramdam ko rindido sila,
dinig ko ang pintig ng kanilang dibdib:
ti-gib    ti-gib    ti-gib,

pintig na tigib ng poot at paglilingkod,
halos paampon sa hamog ng bundok.

minsan, nag-organisa sila ng isang kilos-protesta
laban sa pagtaas ng matrikula,
laban sa pagbawal sa mga maralitang bendor
na magtinda sa kampus.

inimbita nila akong magsalita,
kailangang-kailangan daw  na marinig
ang taginting ng aking tinig.

biglang kumalog ang aking tuhod
at kumaripas pauwi ang diwa.
agad kong kinapkap ang impis na pitaka;
at kumalmot sa gunita
ang  bagsik ng kalam ng sariling sikmura.

palusot ko:
*di ko na matanggihan ang naunang komitment,*
*babawi ako sa susunod,*

sa araw ng itinakdang pagtitipon,
naroon ang mga dibdib na aking pinag-apoy;
habang ako na kanilang inspirasyon,
nakasuksok sa isang sulok,
sinisilip ang mga titis ng sinilaban kong siga,

nakasuksok sa isang sulok,
nangangaligkig ang gulugod.

KAYDAMING PATIBONG

kumikislap at bumubuga ng pulbura
    bawat bagay na mahagip
    ng kanyang tinig,
walang gatol kung siya'y magtalumpati
tungkol sa tunggalian ng mga uri.

at, oo, hindi siya aktibistang kapit-bangko
na walang inatupag kundi ang ngumawa;
bawat masagap niyang inhustisya't tiwali
walang gatol na pagtutol ang kanyang sukli.

ni minsan hindi siya lumiban sa mga pagkilos
sa loob at labas ng kampus;
    maka-tres, maka-singko, walang kaso;
        malinaw ang kanyang prinsipyo:
*iskolar ng bayan, laan ang buhay sa sambayanan.*

        kaytalas ng kanyang utak at bibig,
nahihimay ang salimuot ng suliraning pandaigdig;
kahit ako na kanyang guro, talagang yumuyukod
    sa kanyang galing, tapang, at komitment.

                pero tama siya,
kaydaming patibong ng imperyalismo,
(kahit sinentensyahan nang naghihingalo
        ng isang pantas na Ruso)
kayhusay nitong dumiskarte, kaygaling magbalat-kayo;

ang iskolar na sukdol-langit ang poot sa kapital
nasa *call center* ngayon, binabarat na kalakal.

SILANG MGA NAKIRAAN

kailan lamang
di siya mapakali sa kanyang bangko,
nangangatuwiran, nagtatanong
kumukumpas, umiiling, tumatango;
ngayon, magiting siyang manananggol
ng isang dayuhang dambuhalang korporasyon.

kailan lamang
lagi siyang laman ng aking kuwarto,
namamalimos ng komento at basbas
sa kanyang mga tula at kuwento;
ngayon, kumikislap ang kanyang pangalan,
karugtong ng dulang dinudumog sa telebisyon.

kailan lamang
halos humiga at humilik siya sa klase,
paano'y magdamag niyang binutingting
bangkay ng pusang ibinabad sa pormalin;
ngayon, de-kalidad na siyang doktor,
walang mintis ang pangarap sa sahod na dolyar.

kailan lamang
halos di ko matandaan kanyang itsura;
paano'y pumapasok lamang pag may eksam,
laging nasa pulong, nasa piket, nasa rali;
ngayon, bukambibig siya ng madla at midya,
tinutugis ng mga berdugo ng kalayaan at hustisya.

## DI GAWANG BIRO ANG MAGTURO

binulatlat ng isang studyante sa klase
ang tulang “May bagyo ma’t may rilim”
gamit ang sabi niyang teorya ni Marx.

napanganga ang mga kaeskuwela sa pagtataka,
*may ganon palang hayop sa ating planeta!*

may mga tumalungko sa bangko,
tila may lintang sisipsip ng dugo
sa makikinis nilang sakong at binti.

meron ding napangiwi,
mga tainga’y nagsitiklop; ang isa nga,
nalukot ang mukha sa pagkakapikit,
kumibot-kibot ang labi, taimtim na hinagod
ng hinlalake niyang may pulang talulot
ang kumikintab na singsing-rosaryong pilak.

samantala sa likod,
tila bumabalasa ng baraha
ang mga daliring dumadalirot
sa nutnot na math ni Leithold.
isang estudyanteng tila lente ang antipara
ang bumulabog sa aking pagmamasid --

*ser, opium talaga ang relihiyon,*
*pero di magtatagal,*
*pag nagwagi ang uring api*
*laban sa burgesya-komprador*
*at higanteng kapitalista*
*at imperyalistang Estados Unidos,*
*mawawala na rin ang mga pamahiin.*

bigla akong napaliyad,
parang sinundot ng pakpak ng manok
ang aking kuyukot;
di ko tuloy napigilan ang pagsirit
ng basang init na sumanib sa lagnat
ng kulaning sa singit ko’y ngumangatngat.

RATSADA NI SER

*noong panahon namin,*
ratsada ng naka-antiparang profesor
na naglalagas na ang balbas.

*wala kaming inaaksaya,*
*hindi namin pinalalampas*
*ultimong pinagbalutan ng tinapa.*

ngayon daw sabi ng profesor,
dahil sa celfon, internet, at tv
tamad nang magbasa ang mga estudyante.

at ipinagdikdikan niya ang kanyang mantra:
ang panitikan bilang salamin ng buhay,
ang pagbabasa bilang bagwis ng pagtuklas.

*ser,*
pasok ng isang bibang estudyante,
*nabasa nyo na po ba yung Angels and Demons?*
negatib.

*e 'yung ano po, yung Matilda ni Roald Dahl?*
negatib.

*e 'yon pong ABNKKBSNPLA AKO ni Bob Ong?*
nagsalubong ang kilay ng profesor:

*'yan ang hirap sa inyo, kung ano-anong binabasa ninyo!*

CLASS DISMISS

sermon ng profesor:
*tanggap sa aking klase ang lahat ng opinyon pagkat ang edukasyon ay isang dayalog isang proseso ng palitan ng kaalaman at kasanayan sa pagitan ng titser at estudyante kaya walang puwang sa klase ang pagsasawalang-kibo at may karapatan ang lahat na mag-usisa at sumalungat sa ganyan lamang makakamit ang hinahangad nating karunungan at isa pa ito ang esensya ng demokrasya.kung saan malaya ang bawat isa --*

habang ang mga estudyante
alumpihit ang mga puwet
pinupulikat ang mga hita
umuugong ang mga tainga
nanunutong ang mga laway
at bugok na ang mga tanong.

kumalembang ang kampana
at natapos ang isang siglong misa:

*class dismiss,* sabi ng profesor
sabay pahid ng palad
sa labing namumutiktik sa bula.

MERON BANG TANONG?

*malayang magpahayag*
*o kumontra ang bawat isa --*

*ser,* sabat ng isang estudyanteng
parang tuyong dahong sinilaban
sa sinabi ng guro,

*di po ako sang-ayon na may kinalaman*
*sa transformasyon ng lipunan*
*ang panitikan.*

tila bulateng lumikaw-likaw
ang kilay ni prof,

*opinyon mo lang 'yan –*

sabi niya, sabay sungkit sa langit
ang kanyang hintuturo,
parang paring nagsesermon sa katedral:

*pero ang iyo hindi totoo sa lahat,*
*at kung ganon, bakit mo ipapataw*
*sa kabuuan*
*ang sarili mong haka-haka at palagay?*

habang naghahasik ng laway,
lumakad-lakad si prof,
dumagundong sa pader at kisame
ang halakhak ng takong
ng sapatos niyang katad.

*at dapat nakasandig sa ebidensya*
*ang iyong sapantaha;*
*walang puwang sa klase ang kalangkang*
*ng latang walang laman.*

ngumiti si prof, labas ang gilagid,
pero ang mga mata, nanlilisik:

*meron pa bang tanong?*
*meron pa bang dagdag?*

## PUWEDE PONG PAKIULIT?

tumango siya nang ilahad ng guro
ang layunin ng aralin, umiling
nang usisain ang lipunang patriyarkal.

nanlaki ang mata nang marinig
na sa ibang panig ng daigdig,
ang babae
tinatahi ang puke,
pinupunggil ang tinggil.

kumunot ang noo nang sabihin ng kaklase
na bihag ng lalake
ang katawan at tinig ng babae.

konsentrado ang kanyang pakikinig,
napapamulagat, napapapikit
habang rumaragasa sa bibig ng guro
ang mga bersikulo sa bibliya,
ang mga talatang nagbibigay-katuwiran
sa pagmumuryot at karpitso ni Adan.

nahikayat naman ang guro
sa napansing reaksyon ng estudyante
kaya tinawag:

*meron ka bang tanong,*
*o gustong ibahagi o gustong linawin?*

parang bagong gising na naamlimpungatan,
kinuskos ng estudyante ang kanyang mga mata,

*a, e, ako po ba ser? ano pong sabi nyo?*
*pasensya na po, puwede pong pakiulit?*

SER, DOBOL ESPEYS BA?

ikatlong linggo nang inuulit-ulit
ng guro ang mga alituntunin
sa pagpapasa ng papel:

*isa hanggang tatlong pahina,*
*1.5 o doble-espasyo,*
*TNR ang type at 12 ang size ng font,*
*at please, lagyan ng 1 inch margin*
*sa kaliwa, sa kanan,*
*sa taas, at sa ibaba ng pahina.*

magtatapos na ang semestre
at hitik pa rin sa ganoong instraksyon.
ang bawat miting ng klase

isang linggo bago ipasa
ang huling sulatin:

*meron bang gustong linawin?*

tumikhim ang isang estudyante,
nagtaas ng kamay; sumilay ang ngiti
sa mata ng profesor, *yes?*

*prof, dobol espeys ba yung faynal peyper?*

PILANTIK NG TWANG

kahapon, sa tindi ng aking gutom
napilitan akong magwaldas ng yaman
sa isang fast food resto na iika-ika ang serbisyo.

habang nginangatngat ako ng inip,
humaplit sa aking tainga ang pilantikan ng Ingles
sa kalapit kong mesa.

pinisil-pisil ko ang aking mga braso,
sinilip sa kintab ng kutsara ang aking mukha,
                    ulo’y ipinilig-pilig;
hindi, hindi ako nanaginip,
nasa Pilipinas ako, wala sa US.

sabi ko na lamang sa aking sarili,
siguro mga  bisitang langyaw ang naghuhuntahan.

pero muling nagpamalas ng gilas
ang aking memorya:  ang inakala kong mga dayuhan
                    dati kong mga estudyante
sa Sining ng Pakikipagtalastasan.

TITIK NA SINULID

pagkaraan ng limang taon,
ng iglap na engkuwentro namin sa klase,
        nakasakay ko sa bus
ang dati kong estudyante.

        agad kong binalikan,
inisa-isa ang mga mukha
ng mga nakasalamuhang tumatak sa diwa;
hindi ko maipirmis ang kanyang hulagway,
hindi ko mahagilap ang kanyang gunita.

                *'musta na po kayo?,*
nakangiti niyang bati,
lampas-balikat ang kulay kalawang niyang buhok.

*ayos naman*,
            ang di ko pinag-isipang sagot.

        lumampas siya;
at nakahinga ako nang maluwag.
di maikakaila ng hikab ang aking puyat
            at gusto kong umidlip;
gusto kong samantalahin ang sandali
        na walang nambubulahaw na anak,
                o gripong tumatagas,
                o ilaw na dapat patayin;

        na walang kakatok para mamalimos
                o magtinda ng diyos.

pagdating sa destinasyon kong istasyon ng MRT,
agad akong tumayo at tila palos na kumiwal-kiwal
        sa pagitan ng mga balakang at puwet
ng mga nakahambalang na pasahero.

                di ko pinansin,
may bumulyaw-bulong sa aking pangalan;
ipinagpatuloy ko ang pagmamadali,
        ang pakikipagsiksikan palabas,
                    pababa ng bus.

sumunod ang boses --

                *ser hintay po,*

iniabot sa akin ng babaeng kulay kalawang ang buhok
ang isang likhang-kamay na papel,
burdado ng putol na mensahe:

*pinagmamasdan ko kayo, kamangha* –

nakatatak sa mga titik na sinulid,
ang usad-hinto at likot ng bus
na ipinaubaya ko sa pag-idlip.

ilang minuto rin akong naligo sa usok
ng mga rumaragasang sasakyan;

nakatitig
sa likhang-kamay na papel
na may sulsi
ng liko-likong
itim
na sinulid.

SA MEMORY NG BAT CAVE[1]

maulan ngayong first day ng sembreak
nakakapit sa curtain ng window
ang lamig  ng forest.
naka-embrace ako sa aking knees,
pini-peep ang moss sa branch ng acacia
na naka-canopy sa aming apartment,

parang hair yong moss pero  di nagmu-move,
di nagsu-sway sa dance ng leaves.

di tulad ng ating hair
na nagi-scatter sa bawat corner ng classroom
pag nabo-blow ng air mula sa electric fan
na puno ng rust at dust at cobweb.

ayaw mag-stop ng ulan
ngayong first day ng sembreak,
ina-attack ako ng memories
ng inyong poems at stories,
ng inyong smiles at pangungulit.

(sus! kahirap i-parry ng sama ng loob
na sini-send ng nagka-curve nyong eyebrows
everytime na iri-return kong red na red
ang inyong mga writing assignment.)

at yes, right now napi-prick ang aking conscience
(parang wound sa armpit na naka-soak sa sweat)
ng pag-condemn nyo sa pagdukot, sa pag-salvage
sa mga tibak na nagdi-defend ng ating rights.

true, sing-silent ng moss ang inyong pagdating
pero sing-sure din ng pag-stick nito sa branch
ang pag-capture nyo sa aking pagi-imagine –
so, kahit maulan ang first day ng  sembreak
no space ang senti, no space ang sad moment.

[1] bat cave – tawag ng mga estudyante sa room hb5 sa silong ng old humanities building ng UPLB